REGIONE PIEMONTE
Direzione generale dell'immigrazione e delle politiche di integrazione
AUTORITA' DELEGATA
MINISTERO DELL'INTERNO
AUTORITA' RESPONSABILE
FONDO ASILO, MIGRAZIONE ED INTEGRAZIONE 2014 - 2020

# Istituto Comprensivo Ilaria Alpi

***Scuola dell'infanzia, primaria e secondaria di primo grado***

Corso Novara, 26 - 10152 Torino - Tel. 011/01167930
Codice Fisc. n. 97796290019 - www.icilariaalpitorino.edu.it
e-mail: TOIC8BD00X@istruzione.it – pec: TOIC8BD00X@pec.istruzione.it

ANG PAGBBIBIGAY NG MARKA SA PAARALAN PRIMARYA

Mahal na magulang,

Ang oras ng pagbibigay ng marka ay isang napakahalagang oras para sa iyo at sa inyong mga anak.
Ipinapakita ng paaralan primarya ang dokumento ng pagbibigay ng marka (*valutazione*) sa mga magulang dalawang beses sa isang taon, sa Pebrero at Hunyo.
Simula sa school year na 2020/2021*, **ang mga dokumento ng pagsusuri sa paaralan primarya** ay magiging kakaiba sa mga nakaraan.

| **DATI** | **NGAYON** |
| --- | --- |
| • Para sa bawat aralin (subject) (Italyano, matematika, kasaysayan, atbp.) nagkaroon ng KAISA-ISANG MARKA (*UNICO VOTO*) nakalagay sa decimals (10, 9, 8 atbp.) | • Para sa bawat subject (Italyano, matematika, kasaysayan, atbp.) ay inaasahan ang pagsasalarawan ng mga **ANTAS** ng pag-aaral. |
| • Ang pagbibigay ng marka ay kinukumpleto ng PANKALAHATANG PAGLALARAWAN ng bata: pag-uugali, pakikitungo sa mga kaklase at sa mga guro, pangako sa pag-aaral, kaalaman ng responsibilidad, pangangalaga ng personal at panlahatan materyales, atbp. | • Ang pagbibigay ng marka ay kinukumpleto ng PANKALAHATANG PAGLALARAWAN ng bata: pag-uugali, pakikitungo sa mga kaklase at sa mga guro, pangako sa pag-aaral, kaalaman ng responsibilidad, pangangalaga ng personal at panlahatan materyales, atbp. |

ANO ANG MGA **ANTAS**

Sa bawat subject (Italyano, matematika, kasaysayan, atbp.) dapat makamit ng bata ang mga **layunin (ibig sabihin, ang dapat abutin ) sa pag-aaral:** halimbawa sa matematika dapat niyang matutunan na magbilang,maisagawa ang mga operation sa mathematics, lutasin ang mga problema, gumawa ng lohikal na pangangatuwiran ...

Ang mga **ANTAS** ay mga **salita** na nagpapaliwanag kung saan nakaabot ang bata sa isang tiyak na layunin sa pag-aaral.

ANG MGA ANTAS AY 4 → *AVANZATO - INTERMEDIO - BASE - IN VIA DI PRIMA ACQUISIZIONE*

Upang magpasya ng antas na naabot, inoobserbahan ng mga maestra ang bata:

- kung siya ay **autonomo** (independiyente), iyon ay, kung gagamitin niya ang kanyang natutunan sa tulong lamang ng maestra o kahit na walang tulong ng maestra;
- kung gagamitin lamang niya ang kanyang natutunan sa mga **sitwasyong** alam niya o maging sa mga bagong sitwasyon;
- kung tinatapos ang isang gawain sa paggamit lamang ng mga **kagamitan at materyales** na ibinigay ng maestra o kung kaya niyang humanap mag-isa ng mga kagamitan at materyales ;
- **kapag** palagi niyang ginagamit ang kanyang natutunan: tuwing siya ay tatanungin o kung kailangan niya (patuloy), o minsan lamang, o hindi kailanman.

ANO ANG IBIG SABIHIN NG BAWAT ANTAS

AVANZATO → Tinatapos ng mag-aaral ang mga gawain sa mga sitwasyon na alam niya o kahit na sa mga bagong sitwasyon, gamit ang mga kagamitan at materyales bigay man ng maestra o galing sa ibang lugar, sa malayang paraan at patuloy.

INTERMEDIO → Kayang tapusin ng mag-aaral ang mga gawain sa mga sitwasyon na alam niya, sa pan-sariling paraan at patuloy; sa mga bagong sitwasyon upang malutas ang mga gawain ay gumagamit siya ng mga kagamitan at materyales bigay man ng teacher galing sa ibang lugar, kahit na sa isang hindi patuloy at hindi ganap na paraan independiyente.

BASE → Kayang tapusin ng mag-aaral ang mga gawain sa mga sitwasyon na alam niya at gumagamit ng mga kagamitan at materyales na ibinigay ng maestra, sa malayang paraan ngunit hindi patuloy , o hindi man autonomo, ngunit patuloy.

IN VIA DI PRIMA ACQUISIZIONE → Kaya lamang tapusin ng mag-aaral ang mga gawain sa mga sitwasyon na pamilyar na sa kanya, sa tulong lamang ng maestra at ng mga kagamitan at materyales na inihanda para lang sa gawaing iyon.

ISANG HALIMBAWA

| Subject o aralin : MATEMATIKA | | |
|---|---|---|
| LAYUNIN SA PAG-AARAL | ANTAS | Ibig sabihin… |
| Ipaliwanag ang pamamaraang sinundan upang malutas ang mga problema. | AVANZATO | Ganap na nakamit ng mag-aaral ang layunin: alam niyang ipaliwanag kung paano niya nalutas mag-isa ang isang problema, nang walang tulong ng guro, kahit na sa mga bagong sitwasyon at sa patuloy na paraan (palagi). |
| Basahin, isulat, ihambing ang mga decimal number, isalarawan ang pagguhit sa linya *(retta)*. | INTERMEDIO | Kilalang mabuti ng mag-aaral ang mga decimal number ngunit sa ngayon ay ginagamit lamang niya ang mga ito sa mga sitwasyon na alam niyang mabuti (ehersisyo sa libro, kard, pagsukat sa klase). Ginagamit niya ang kanyang natutunan ngunit sa ngayon sa hindi patuloy na paraan. |
| Isagawa ang mga **operation** ng mga natural na numero na may mga karaniwang algorithm | BASE | Isinasagawa lamang ng mag-aaral ang apat na operation sa mga sitwasyon lamang na alam niya (pagsasanay na inulit na ng maraming beses), kung minsan ay kaya niyang mag-isa ang pamamaraan, kung minsan ay humihingi siya ng tulong ng maestra. |

**Ang bagong pagbibigay ng marka para sa ANTAS ay nagbibigay-daan sa mga magulang na makilalang mabuti ang mga kagalingan at kahinaan sa bawat subject at upang maunawaan nila kasama ng mga maestra at sa bata kung paano mapapabuti.**